Simula ng Kasalanan

(Genesis 2:7 – 3:24)

Ang Diyos ang lumikha ng lahat. Noong ika-anim na araw ay nilikha Niya ang tao. Mula sa alabok, hiningahan niya ito sa ilong, at nagkaroon ito ng buhay.

Gumawa ang Diyos ng isang halamanan sa Eden. Dinala Niya doon si Adan upang ito ay pagyamanin at pangalagaan. Sinabi ng Diyos na makakain niya ang alinmang prutas sa hardin, maliban sa bunga ng puno na nagbibigay ng kaalaman tungkol sa mabuti at masama. Sa araw na kainin niya iyon, siya ay mamamatay.

Nakita ng Diyos na hindi mabuti na mag-isa ang tao. Nilapit ng Diyos ang mga hayop at mga ibon kay Adan upang pangalanan niya ang mga ito. Ngunit wala ni isa man sa mga ito ang nababagay na makasama at makatulong niya.

Kaya't pinatulog ng Diyos si Adan. Habang ito ay natutulog, kinuha niya ang isang tadyang nito. At mula sa tadyang na iyon ay hinubog Niya ang babae, at dinala Niya ito kay Adan.

Ang ahas ang pinakatuso sa lahat ng hayop na nilikha ng Diyos. Isang araw tinanong nito si Eba, "Totoo bang sinabi ng Diyos na huwag kayong kakain ng anumang bungangkahoy sa hardin?"

Sumagot si Eba, "Maaari naming kainin ang anumang bunga sa hardin, huwag lamang ang bunga ng puno na nasa gitna niyon. Sinabi ng Diyos na huwag naming kakainin ni hihipuin man ang bunga nito; kundi kami ay mamamatay."

Ngunit sinabi ng ahas, "Hindi totoo iyan, hindi kayo mamamatay! Sinabi lang iyan ng Diyos, sapagkat alam niyang kung kakain kayo ng bunga nito kayo'y magiging parang Diyos at malalaman ninyo ang mabuti at masama."

Ang punongkahoy ay napakaganda sa paningin ni Eba at sa palagay niya'y masarap ang bunga nito. Naisip din niya na kahanga-hanga ang maging marunong, kaya't pumitas siya ng bunga at kumain. Binigyan niya ang kanyang

asawa, at ito'y kumain din. Nagkaroon nga sila ng pagkaunawa matapos nilang kumain at nalaman nilang sila ay hubad. Kaya kumuha sila ng mga dahon, pinagtahi-tahi nila ang mga ito at ginawang panakip sa katawan.

Nang dapit-hapon na, narinig nilang naglalakad sa halamanan ang Diyos, kaya't nagtago sila sa mga puno. Tinawag ng Diyos si Adan at tinanong kung nasaan sila.

Sinabi ni Adan na narinig niya ang yabag ng Diyos sa hardin. Siya ay natakot sapagkat siya ay hubad kaya nagtago siya.

Tinanong ng Diyos kung kumain sila ng bunga na ipinagbabawal Niya.

"Kasi, pinakain po ako ng babaing ibinigay ninyo sa akin," tugon ni Adan.

"Bakit mo ginawa ang bagay na iyon?" tanong ng Diyos kay Eba.

"Niloko po ako ng ahas, kaya ako natuksong kumain," sagot naman nito.

At dahil doon simumpa ng Diyos ang ahas. Simula sa araw na iyon ang ahas ay gagapang sa pamamagitan ng kanyang tiyan at alikabok lamang ang kanyang kakainin sa buong buhay nito.

Sinabi naman ng Diyos kay Eba na siya ay mahihirapan sa kanyang pagbubuntis at makakaramdam ito ng sobrang sakit sa panganganak.

Para kay Adan, magpapakahirap na ito nang husto upang makakain sapagkat sinumpa ng Diyos ang lupa. Ang paghihirap na ito ay dadanasin niya hanggang sa bumalik siya sa lupa. Dahil sa lupa siya nagmula, sa lupa rin siya babalik.

Ang mag-asawa'y iginawa Niya ng mga damit na yari sa balat ng hayop.

Sinabi naman ng Diyos kay Eba na siya ay mahihirapan sa kanyang pagbubuntis at makakaramdam ito ng sobrang sakit sa panganganak.

Para kay Adan, magpapakahirap na ito nang husto upang makakain sapagkat sinumpa ng Diyos ang lupa. Ang paghihirap na ito ay dadanasin niya hanggang sa bumalik siya sa lupa. Dahil sa lupa siya nagmula, sa lupa rin siya babalik.

Ang mag-asawa'y iginawa Niya ng mga damit na yari sa balat ng hayop. Pinaalis ng Diyos sina Adan at Eba sa hardin. At sa dakong silangan ng hardin ng Eden ay naglagay ang Diyos ng bantay na anghel. Naglagay rin siya ng espadang nagniningas na umiikot sa lahat ng panig upang hindi malapitan ninuman ang punongkahoy ng buhay.

BAT LEARNING CENTER LAMBAT

Nakita natin sa kuwento kung paano nagsimula ang kasalanan. Nais ng Diyos na matutong magtiwala at sumunod ang tao sa Kanyang mga salita. Sa tuwing tayo ay hindi magtitiwala at susuway sa Kanyang salita tayo ay nagkakasala. Ikaw ba ay nagtitiwala at sumusunod sa salita ng Diyos?